# COVID-19 Diary ng Sirena

John Iremil Teodoro

[Marso 15, 2020
Linggo
7:28 n.u.
Rosario, Pasig]

## Naka-Lockdown ang Sirena sa Pasig

Simula noong Martes nang ma-cancel ang mga klase dahil sa lumalawak na pagkalat ng COVID-19 napapraning na ako. Bukod sa inuubo ako, pakiramdam ko nakakulong ako sa nirerentahan kong condo na tinatawag kong Tore ng Sirena. Nasa ika-labingwalong palapag ito ng isang lumang condominium building sa tabi ng De La Salle University.

Sanay naman akong mag-isa sa condo. Madalas naman may isang araw o dalawang araw na hindi ako lumalabas. Mababaw lang kasi ang kaligayahan ko. Masaya na ako na magbasa at magsulat, at kung tinatamad ako, pinapanood kong muli ang mga paborito kong pelikula tulad ng *Little Women* ('yung si Wynona Ryder ang gumaganap na Jo March), *Secret Garden*, *Sense and Sensibilities*, *Pride and Prejudice*, at *Kung Ako Na Lang Sana*, ang paborito kong pelikula ni Sharon Cuneta. Nangyayari ito kapag may bagyo at kanselado ang mga klase o kayâ may mga nagaganap tulad ng ASEAN Summit at ASEAN Games.

Pero iba ang pakiramdam ko sa pag-cancel ng mga klase dahil sa banta ng COVID-19. Parang nakakulong ako. Hindi nakakatulong na mukhang bangag si Pangulong Duterte sa dalawang presscon

niya tungkol dito. Lalo akong natataranta kasi mukhang ang tatanga ng mga tao sa gobyerno ngayon. Ang gulo ng mga pronouncement nila. Parang di sila nag-uusap at kaniya-kaniyang katangahan lang ang pinaiiral. Halimbawa, kahapon may nag-anunsiyo na magpapatupad ng curfew mula alas-otso ng gabi hanggang alas-singko ng madaling-araw. Maraming umalma sa social media dahil iligal ito kung walang ordinansa ang local government. Hayun, binawi ang curfew. Baka next week na raw kung may mga ordinansa na.

Sa presscon ni Duterte hinggil sa pag-lockdown ng Metro Manila noong Huwebes ng gabi, parang nanginginig na ako sa pangamba. Nagpapanik na ako sa aking isipan. Kung ganito kalabo at kagulo ang announcement ng presidente, saan ako kakapit bilang natatarantang mamamayan? Para akong hostage ng isang buang na presidente. Hindi nakakatulong sa pagpapakalma ko sa sarili na katabi ni Duterte sina Senador Bong Go at Presidential Spokesperson Salvador Panelo. Tinitingnan ko ang mga mukha ng mga gabinete habang nagra-ramble ang presidente. Iyong mga mukhang matino, mapagkatiwalaan at makapitan ko sana sa panahong ito tulad nina Francisco Duque III, Bernadette Roman-Puyat, Silvestre H. Bello III, at Karlo Alexie Nograles na pogi in person (nakasákay ko siya sa eroplano papuntang Davao noong Pebrero 27). Hindi ba nila napapansin na wala nang kuwentang magsalita ang presidente? Ayaw ko sanang magkumpara pero bakit kapag pinapanood ko ang mga presscon nina Prime Minister Lee Hsien Loong ng Singapore at Prime Minister Justin Trudeau ng Canada, ang linaw nilang magsalita at very reassuring?

Noong Huwebes mga alas-tres pa lamang ng hapon ay kumakalat na sa Messenger ang resolusyon hinggil sa Metro Manila lockdown ng Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Disease (IATF). Nagbi-breaking news na rin na 6:30 ng gabi magsasalita ang pangulo.

Lumala ang panic buying sa mga grocery store at botika dahil sa balitang lockdown. Nang bumaba ako para bumili ng liquid handsoap dahil naubusan ako, napakaraming tao na sa kalapit na Savemore. Sa katabing maliit na Watson ako pumunta. May kaunting pila na rin. Wala na silang rubbing alcohol. Mabuti at marami pang liquid hand soap at bumili na rin ako ng body wash dahil may strawberry scented akong nakita sa estante. Buy one take one ang body wash at malalaking bote pa. Kayâ natatawa ako sa sarili ko habang naglalakad sa labas kasabay ang mga nag-panic buying sa Savemore. Sila grocery at pagkain ang pinakyaw. Ako body wash!

Ang tatlong tao sa kaha ng botika ay aligaga na. Pinag-uusapan na nila ang lockdown at mukhang nagwo-worry sila kung ano ang mangyayari sa trabaho nila. Kawawa naman. Sabi ko sa kanila, sa tingin ko tuloy pa rin naman ang trabaho nila. Ang ibig sabihin lang naman ng Metro Manila lockdown ay hindi kami makakalabas ng Metro Manila. Mapakla pa rin ang ngiti nila sa akin. Siyempre, hindi ko pa naiimadyin na martial law level pala ito ngayong kumakalat na ang mga sundalo at pulis sa Kamaynilaan!

Bago mag-alas-sais, nakaupo na ako sa harap ng TV. Hinihintay ko ang mensahe ng presidente. Nananalangin ako na sana hindi siya mukhang bangag ngayon at sana nakasulat ang sasabihin niya para hindi magulo. Natapos na ang *24 Oras*, wala pa rin ang presidente. Tulog pa ba? Hindi pa ba tumatalab ang ininom na Fentanyl? Alas-nuwebe na at nagkakape na ako dahil ganitong oras ang sleeping time ko, wala pa rin. Buti mga 9:15 nag-live na sa Malakanyang ang mga estasyon ng telebisyon. Hayon, mukha pa ring bangag ang pangulo. 'Yung kalát na na dokumento ay binabasa niya per paragraph saka ipinapaliwanag niya. Pero sa bawat pagpaliwanag niya, lalong lumalabo at lalo akong nalilito at sumasakit ang bangs ko.

Hindi nakakatulong na mga opisyal ng militar at pulis ang nasa likod niya. Ano ito, deklarasyon ng Martial Law?

Hindi ko na tinapos ang presscon. Natulog na ako. Inisip ko, gigising na lang ako nang maaga bukas at tiyak may mga magpapaliwanag sa sinabi ng presidente. Ang klaro sa akin, walang pasok hanggang Abril 12. At sa darating na Linggo, ila-lockdown na ang Metro Manila. Naisip ko, uuwi ako sa bahay namin dito sa Pasig. Mas may space dito at kasama ko ang bunso naming kapatid na si Sunshine. May malapit din na talipapa dito. Mukhang mas maraming mabibiling pagkain.

Lalong lumala ang panic buying kinabukasan. Uuwi na sana ako dito sa Pasig kaso sabi ni Sunshine lilinisin pa niya ang kuwarto ko dahil masyadong maalikabok. Baka raw hikain ako. Nakabasa rin ako ng email na magmimiting nang umagang iyon ang Academic Council ng De La Salle University at gusto kong hintayin ang magiging memo pagkatapos ng kanilang pagpupulong. Gusto kong malaman kung ano ang gusto nilang gawin naming mga guro.

Ayon sa mga balita, siksikan na ang mga tao sa mga estasyon ng bus palabas ng Metro Manila. Ang isang kaibigan kong taga-Davao nag-text na pa-NAIA na siya at doon muna siya sa kanila sa panahon ng lockdown. 'Yung isang PhD student namin nagpaalam na uuwi muna siya ng Leyte. Kaunti na rin ang mga tao sa condominium namin. Mukhang may exodus palabas ng Kamaynilaan. Nakakadagdag ito sa aking pagkataranta. Uuwi na ba kami ni Sunshine sa Antique? Kaso nabasa ko sa mga post ng mga kaibigan ko sa San Jose de Buenavista ay kailangan nang mag-self quarantine ng labing-apat araw ang mga dadating sa Antique galing Metro Manila.

Nag-text si Sunshine. Nakapag-grocery na raw siya at nakapag-imbak na ng bigas at pagkain ng dalawang aso at mga pusa. May kakainin na raw kami sa loob ng isang buwan. Gayunpaman natataranta pa rin ako. Bumaba ako upang tingnan ang Savemore.

Marami pa ring tao at mahaba ang mga pila. Buti na lang sa kalapit na 7-Eleven ay halos walang tao. Doon ako bumili ng anim na latang sardinas at ilang instant noodles.

Alas-kuwatro ng madaling-araw kahapon ay nagising na ako at naghanda ng mga gamit na dadalhin sa Pasig. Bukod sa mga maruming damit at mga grocery item, inayos ko rin ang mga gamit ko sa mga klase tulad ng syllabi, class records, at mga papel na kailangang i-tsek. Czech Republic na lang sa Pasig!

Nagkape muna ako at pinanood ang balita sa TV. Pagla-lockdown pa rin ng Metro Manila ang laman ng mga balita. "Community quarantine" na ang ginagamit ng gobyerno para siguro damage control sa pagpapanik ng mga tao sa "lockdown" at sa mistulang martial law na pagpapatupad nito. Utak pulbura kasi talaga si Duterte.

Bago mag-alas-siyete, nakasakay na ako sa Grab papuntang Pasig. Akala ng driver papunta akong airport. May tatlong pasahero na raw siyang nagpahatid sa airport at "tinatakasan" ang lockdown. Sabi ko sa kaniya, uwi lang ako sa bahay namin sa Pasig. Wala pang alas-otso nasa Pasig na ako. Kapansin-pansin na punô na ng mga de-lata ang platera namin. Punô na rin ang maliit na lagayan ng bigas.

Nagpaalam ako kay Sunshine na bibili lang ako ng isda sa talipapa na pang-ulam sa agahan. Siksikan na sa talipapa. Pero normal lang iyon. Sa mga bangketa lang kasi ang mga nagtitinda. Bumili ako ng isang kilo ng hiniwang tuna at isang malaking pusit na mahigit kalahating kilo ang timbang. Medyo may kamahalan ang mga ito pero dedma na. Baka next week wala nang mabiling isda. Bumili rin ako ng isang kilong baboy. Ilalagay lang sa freezer. Aadobohin ko sakaling wala nang mabili sa talipapa. May nadaanan akong kariton ng ponkan. Bumili ako ng isang dosena. Ala-New Year ang peg.

Matapos makapag-agahan, nagpaalam muli ako kay Sunshine na pupunta muna ako sa barbero. Nangangati na ako sa buhok ko. Dahil bisi nitong mga nakaraang linggo, wala akong time pumunta ng barbero. Wala pang alas-diyes ng umaga at walang kostumer ang friendly barbershop sa aming neighborhood. Nanalangin na lamang ako na walang COVID-19 ang barbero. Naka-mask naman siya. Imposible naman kasi ang social distancing sa tipo ng trabaho niya. Ang gusto ko sa pagpapagupit dito sa amin sa Pasig, PHP 60 lang ang bayad. Wala pang dalawampung minuto, tapos na ang hairdo ko. Naisip kong pumunta muna sa Lucky Gold Mall at Choice Mall sa unahan.

Pila sa mga ATM sa Lucky Gold. Gusto ko uli magpanik pero agad kong naisip, may enough cash na rin naman ako. Sa kadikit na Choice Mall, napadaan ako sa tsikadorang tindera ng mga kortina at bedsheet. Tumingin ako ng mga kortina. Ang gaganda kasi. Mura pa. Siyempre lapit kaagad si tsikadorang tindera at promote to death ng mga kortina niya. Naisip kong bilhan ng bagong kortina ang kuwarto ko. Hayun, napabili ako ng limang piraso ng kortina na kulay flesh at puti na may malalaking bulaklak na hugis trumpeta.

Bago umuwi, dumaan ako sa suki kong flower shop. Makukulong lang din ako sa bahay, gusto kong may bulaklak sa writing table ko at sa mesang kainan namin. Wala ang magandang babaeng binilhan ko ng lilang asters noong isang linggo. Ang nagbabantay ay isang cute na chubby na may pagka-bear. Ang sexy ng balbas niya. Bagay siya sa gitna ng mga bulaklak. Agad kong ipinaalala sa sarili ang konsepto ng "social distancing." Bawal muna ang impure thoughts!

Mura ang mga bulaklak doon. PHP 75 ang isang pulumpon ng statis na tig-PHP 150 sa binibilhan kong grocery sa Taft. Dalawang pulumpon ang binili ko. Isang puti at isang lila. Bumili rin ako ng isang pulumpon ng sari-saring Malaysian mums. PHP 60 lang ito. Sa badyet na PHP 210, pakiramdam ko ako na si Jo March na

namimitas ng mga bulaklak sa gubat ng Concord isang tag-araw. Siyempre naiisip ko rin ang mga ilahas na bulaklak ng Lenhovda.

Sabi ko kay cute na chubby, talian na lang niya para di ako mahirapang bitbitin. “Para sa church ninyo ito, Sir?” tanong niya. Natawa ako. “Bakit? Mukha ba akong pari?” ang thought bubble ko. Siyempre nagpa-cute ako kay cute bear. Tinamisan ko ang aking ngiti at nagsabi, “Hindi, para lang sa bahay.” Habang naglalakad pauwi, naisip kong gawan ng sash ang sarili na ang nakalagay, “Paglalandi sa Panahon ng COVID-19.”

May isang bahagi ng utak ko na tinatalakan ang sarili: “Mahiya ka naman! Sa panahon ng lockdown at panic buying dahil sa banta ng COVID-19, napaka-gitnang uring fantasya pa rin ng pursuits mo!” Pero dedma ako. Taas noo pa rin ako. Kailangan ko ng bagong kortina at ng mga bulaklak! Ito ang therapy ko.

Ngayong umaga ng Linggo, maaga uli akong nagising. Madilim pa ay bumili na ako ng mainit na pandesal. Habang nagkakape ako at kumakain ng pandesal na pinapahiran ng butter ay pinagmamasdan ko ang isang malaking plorera ng puti at lilang statis. Nakikinig din ako sa radyo. Balita na ang mga checkpoint papasok at palabas ng Metro Manila. Mas magiging magulo ito bukas dahil Lunes at araw ng trabaho. Trapik daw at kulang ang thermal scanner ng mga pulis.

Mapalad ako at guro akong may tenure at maaaring magturo online. Paano kayâ ang mga manggagawang arawan at no work no pay? Mabuti kami ni Sunshine at dalawa lang kami dito sa bahay at kaniya-kaniya kami ng kuwarto. Nagagawa namin ang social distancing. Paano kayâ ang mga pamilya na nagrerenta lamang ng isang maliit na kuwarto? Nakasabay kami sa panic buying. Paano ang mga walang pang-buy? Panic na lang ba talaga ang option? Ito talaga ang panahon na kailangan ng mamamayan ang malasakit ng pamahalaan. Ang kaso, kung palaging mukhang bangag ang presidente kapag nakikita mo sa telebisyon at mukhang di nag-

uusap ang matataas na tao sa gobyerno at wala silang pulidong plano, talagang panalangin na lang ang kakapitan mo.

Ang munting comfort ko lang ngayon ay nandito kami sa Lungsod Pasig na mukhang mapagkakatiwalaan ang pogi naming meyor na si Vico Sotto.

Masaklap para sa karamihan ang pamumuhay sa panahon ng COVID-19 dito sa Metro Manila. Unang araw pa lamang ng lockdown ngayon. Sana mas maging maayos at mas maging magaan ang sitwasyon sa mga susunod na araw o linggo.

[Marso 27, 2020
Biyernes
Lungsod Pasig]

## Namumulaklak na Akasya at Alugbati

Kakaunti ang mga sasakyan. Kakaunti ang mga tao sa labas ng saradong Lucky Gold Plaza. May mga nakapila sa sarado pang Palawan Pawnshop. Nakaupo sila sa simentadong sidewalk at nakakatuwang tingnan na inoobserbahan nila ang physical distancing (ito raw ang tamang termino at hindi "social distancing"). May asul na bus na nakapark sa harap nila. Libreng sakay daw para sa mga health worker. Naisip ko saglit na makisakay ako. Sasabihin ko sa drayber na papunta ako ng botika sa sentro ng Rosario. Baka-sakaling pasakayin ako. Sinilip ko ang bus. Tatlo pa lang ang sakay. Agad kong pinagsabihan ang sarili na maglakad na lang dahil iyon naman talaga ang plano ko.

Sobra sa isang kilometro ang layo ng pinakamalapit na Mercury Drug sa gate ng Life Homes Subdivision na labasan namin. Nang napabalitang mag-lockdown dahil sa banta ng COVID-19 noong Marso 10, bumili na ako ng pang-isang buwan kong maintenance

medicine doon sa suki kong Mercury Drug sa harap ng La Salle. Wala pang panic buying ng mga gamot noon. Ang iniisip ko, first week ng Abril ako bibili muli ng gamot. May dalawang Mercury Drug naman kasi sa sentro ng Rosario. Kayâ lang may nag-PM kay Sunshine na bakâ magdeklara ang gobyerno ng total lockdown ng dalawang linggo umpisa bukas at wala na talagang palalabasin. Iniisip din namin na baka fake news. Pero siyempre kailangan pa rin naming paghandaan. Ang usapan namin kagabi bago kami matulog ay gigising siya nang maaga at mamamalengke. Bibili kami ng isda na paksiwin, mga sahog para sa pancit bihon kasi ito ang plano naming lulutuin sa Linggo, isang kilong hotdog, isang trey ng itlog, sibuyas, luya at lemon na ginagawa naming tsaa, at dagdag na bigas. Maghahanda kami para sa dalawang linggong walang labasan. Nagdesisyon din akong pumunta na kinabukasan sa Mercury. Binilang ko kasi ang mga gamot ko, good for twelve days na lang. Kung walang quarantine, marami pa sana ito.

Ako lang ang puwedeng lumabas sa aming dalawa ni Sunshine sa aming subdivision dahil sa akin nakapangalan ang barangay quarantine pass namin.

Nakakapanibago na kaunti ang mga tao at sasakyan sa labas. Sa normal na umaga ng Biyernes, matrapik sa amin at siksikan at agawan ang mga taong nag-aabang ng masasakyan papasok ng trabaho o eskuwela. Halos walang taong tumatawid sa Floodway Bridge na kumokonekta sa lugar namin sa sentro ng Rosario. Dadalawa lang ang nakasalubong ko. Wala akong kasabay.

Feel na feel ko ang malinis na hangin sa may tulay. Kakaunti nga kasi ang mga dumadaang sasakyan. Ibinalita nga sa radyo na ayon sa Department of Environment and Natural Resources gumanda at naging healthy ang kalidad ng hangin sa Metro Manila dahil sa ilang araw nang lockdown. Inalis ko sandali ang akong surgical mask para mas matikman ang masarap na hanging Pasig!

Habang pinagmamasdan ko ang mga water lily sa artipisyal na ilog, naalala ko ang unang pagtawid ko rito pagkatapos ng Ondoy. Binaha kasi nang bongga ang area namin. Naging evacuation area itong tulay. Maraming tent at mga gamit sa bahay ng mga nagsilikas dito noon. Marami ring mga sasakyan at van ng mga estasyon ng telebisyon at radyo. Parang end of the world scenario.

Pero ngayong may pandemic at naka-quarantine ang lahat, parang ang linis ng paligid. Sa kabilang dulo ng tulay, namangha ako sa ganda ng namumulaklak na malaking puno ng akasya. Nakakahalina ang yumi ng pink na bilog na mga bulaklak nito na ang talulot ay parang eleganteng brush. Tumigil muna ako sa harap nito at kinunan ng litrato. Ang sarap sa mata ng luntiang mga dahon at ng rosas na mga bëkad.

Pagdating ko sa Rosario Arcade, tuwang-tuwa ako kasi walang tao sa labas ng Mercury doon. Pasado alas-otso pa lang at alam kong 9:00 pa ang bukas nito. Naisip ko, hihintayin ko nang magbukas. At least ako ang una sa pila. Pero may napansin akong nakapaskil na bond paper sa pinto. Nilapitan ko. Sarado ang branch na ito sa panahon ng lockdown. Nagluyloy ang pakë ko. May nakalistang mga malapit na branch na bukás. May branch sa kabilang kalsada malapit lang. Alam kong 24 hours na bukas ito. Mas maliit nga lang ito kayâ ang pinupuntahan ko lagi ay itong nasa Arcade.

Umakyat ako ng footbridge papunta sa kabila. Lumakad konti at nang marating ko ang Mercury tumambad sa akin ang mala-box office hit na pila! Wala akong choice kundi ang pumila sabay dasal na sana kumpleto ang stock nila ng mga gamot na bibilhin ko upang magiging sulit ang pagpila ko.

Dahil inoobserba naman ng lahat ang physical distancing, mas naging mahaba ang pila. Apat na kostumer lang din kasi ang pinapayagang magkasabay sa loob ng botika. Binilang ko ang mga nauna sa akin sa pila, mga dalawampu lang naman. Gayunpaman, inabot ng isang oras at kalahati bago ako nakabili ng mga gamot ko.

Bilib ako sa sarili ko, natiis ko ang pagpila. In fact, parang ini-enjoy ko pa nga. Hindi ako nagsusuplada. Siguro dahil dalawang linggo na akong nakakulong sa bahay. Itong pagpunta ko sa Mercury ang pinakamalayong napuntahan ko since mag-community quarantine.

Sa bakod na chicken wire ng isang bakanteng lote sa tabi ng Mercury ay may nagakambëd na alugbating mukhang nakakalimutang diligan palagi. Kalahating-buháy kasi at kalahating-lanta. Pero may mga buto ito. Kulay-murado ang hinog na buto ng alugbati. At sa isang sanga napansin ko ang maliit na rosang bulaklak. Kay rikit tingnan! Kinunan ko ito ng larawan. Isang munting kasiyahan ng kaluluwang bagot na sa pagpila.

Medyo mainit na ang sikat ng araw at nangangawit na ang mga tuhod ko sa pagtayo. Ang aleng kasunod ko, reklamo nang reklamo na ang bagal naman daw ng galaw ng pila. Pero dedma ako. Di ako nag-react sa sinabi niya. Tiningnan ko ang relo ko, mahigit isang oras na akong pumipila.

Salamat sa Diyos at kumpleto ang mga gamot na kailangan ko sa branch na iyon ng Mercury. Naubusan nga lang sila ng Enervon-C kayâ ibang brand na lang ng multivitamins ang binili ko. Wala pa rin silang stock ng face mask at alcohol.

Mainit na ang sikat ng araw nang lisanin ko ang sentro ng Rosario. Nagpayong na ako. Sarado ang geyt ng Rosario Church. Sarado rin ang mga bangko. Sa isang bangko medyo mahaba ang pila sa ATM. Buti na lang di ko kailangan ng cash dahil umuubra naman ang debit card ko sa Mercury.

Huminto uli ako sa harap ng namumulaklak na akasya. Sabi ko sa sarili ko, susulat ako ng tula tungkol dito. Ayon kay Yasunari Kawabata (nakalimutan ko na kung saang akda niya), ang papel ng manunulat ay ang hanapin ang kagandahan sa mga ordinaryong bagay at pangyayari at magsulat tungkol dito upang maibahagi ang magandang karanasan sa mga mambabasa.

Pagbaba ko ng tulay ay dumaan ako sa 7-Eleven. Gusto kong i-tsek kung may Old Town White Coffee sila, ang paborito kong 3-in-1 na kape na imported from Malaysia. Isa lang ang kostumer nila pagpasok ko. Tinutukan ako ng thermal scanner ng isang staff nila. Binili ko lahat ng naka-display nilang Old Town. Mga sandosenang sachet lang naman. Ang mahal. Tig-PHP 25 ang isa. Mura lang sana ito kung sa Singapore, Kuala Lumpur, o Siem Reap ko binili.

Pagdaan ko sa Palawan Pawnshop, mala-box office hit na rin ang pila.

Ewan ko ba pero pagdaan ko sa checkpoint at ipinakita ko ang aking ID at barangay quarantine pass, pakiramdam ko, naghahanda na ang Kamaynilaan para sa katapusan ng mundo.

Pagdating ko ng bahay, sinalubong ako ni Sunshine na fake news daw ang kumakalat na balitang total lockdown. Pero namalengke pa rin siya. Sa isip ko naman, kahit mag-total lockdown pa ng isang buwan ay okey lang. Siyempre, sarili ko lang kasi ang iniisip ko.

Uhaw na uhaw ako. Hinubad ko ang sapatos sa may pintuan. Dumiretso ako sa kusina at naghugas ng kamay. Kumuha ng malamig na tubig sa ref. Nakadalawang baso ako. Hinubad ko ang aking T-shirt. Naisip kong maligo agad. Pero pahinga muna konti. Uminom muna ako ng ginger, turmeric, at lemon tea na hinanda ni Sunshine.

Gin-check ko sa iPhone ko kung nakailang steps ako: 6002. Napangiti ako. Hindi na masama.

Ang sarap ng malamig na tubig sa aking katawan. Habang naliligo, naiisip ko ang mga rosas na bulaklak ng akasya at alugbati. Sa kabila ng pandemic ng COVID-19, naniniwala akong maganda pa rin ang daigdig!

[Abril 9, 2020
Huwebes Santo
8:25 n.u.
Rosario, Pasig]

## Matapobreng Social Climber na Writer

Marami ang ganito sa bansa natin. Hindi ko sila sinisisi sa pagiging social climber nila per se dahil karapatan nilang mangarap at magsikap. Wala namang masama sa paghangad ng "the good life." Sino ba ang may ayaw sa masarap at maalwan na buhay? Basta hindi lang sana sila matapobre. Basta sana wala silang ibang taong natatapakan habang nagso-social climbing sila.

Ang mga mainstream writer sa Filipinas, lalo na ang mga nagsusulat sa Ingles at Filipino na ang karamihan ay nakabase sa Metro Manila at iba pang malalaking lungsod sa bansa tulad ng Baguio, Cebu, Davao, at Iloilo, ay kadalasang nasa akademya o nakapag-aral ng creative writing/malikhaing pagsulat, o di kaya'y nakapag-creative writing workshop hopping. Mga workshop na pinatatakbo rin ng akademya.

Mahirap naman kasing mabuhay bilang full-time creative writer sa bansa. Kayâ ang mga manunulat natin tulad ko ay nagtuturo upang magkaroon ng siguradong buwanang suweldo.

Maraming manunulat ang lumaking mahirap. Subalit dahil matalino, talentado, at masipag ay nakakuha ng scholarship o nakapasa sa entrance exam ng mga state university tulad ng UP at nakapagtapos ng kolehiyo. Marami pa nga ang nakakakuha ng scholarship na mag-PhD abroad kayâ bonggang-bongga sila pagbalik sa Filipinas (pinag-aagawan sila ng mga unibersidad na adik sa internationalization, at sila ang mga nagiging chair o dean) dahil nga makakanluranin ang sistema ng ating edukasyon. Naging literal kasi ang pagkakaintindi natin ng "internationalization,"

kailangan mong mag-PhD o magbasa ng mga papel abroad, lalo na sa US o UK para mas bongga. Parang hindi nila naiisip na puwede namang maging "international" na dito ka lang sa Filipinas. Ang ganitong pananaw ay isang malakihang pagso-social climbing. Ang talento o henyo naman kasi ay hindi parang Ms. Universe o Ms. World na kailangang mong mag-compete gid abroad.

Samakatwid, para sa ating mga manunulat sa bansa na tulad ko na hindi naman nanggaling sa mayamang angkan, walang politikong tatay o lolo na nagnakaw nang bongga para marami akong mamanahin o di kaya'y mga tusong negosyanteng magulang, edukasyon ang magagamit kong hagdan para makasampa sa nanlilimahid na sahig ng gitnang uri o peti-burgesya. Kayâ punong-puno ng pasasalamat ang puso ko sa De La Salle University kung saan libre akong nakapag-aral ng MFA in Creative Writing at PhD in Literature. Dito rin ako nagtuturo ngayon na in fairness ay di hamak na mas malaki ang suweldo kumpara sa maraming kolehiyo o unibersidad.

Posible naman talagang makapag-aral kahit na mahirap kayo sa mga pangunahing unibersidad ng bansa tulad ng La Salle, UP, Ateneo, at UST. May mga scholarship naman. Pero siyempre kailangan pa rin nating gumastos (pagkain, pampa-xerox, pang-internet, pang-project, at boarding house o pamasahe sa araw-araw) kung mag-aaral tayo. Kailangan rin natin ng malusog na katawan para tuloy-tuloy ang pag-aaral. Kailangan ding suwerte tayo ('yung di tayo mamalasin) na sana walang magkasakit sa ating pamilya para di maistorbo ang pag-aaral natin. Kahit kasi matalino tayo, hindi pa rin tayo makapag-isip nang mabuti kung gutom tayo, o problemado.

Kayâ hindi makatarungan na sisihin natin ang mga mahirap nating kababayan na hindi sila nagsipag sa pag-aaral kung kayâ wala silang maayos na trabaho at di nakakabayad ng buwis tulad natin.

Pribilehiyo pa rin kasi at hindi karapatan ang edukasyon sa ating bansa. Masakit mang aminin, negosyo o makanegosyo pa rin talaga ang pagpapatakbo ng ating mga paaralan, kolehiyo, at unibersidad. Hindi mo naman masisisi ang mga administrador natin dahil kung hindi sila negosyante mag-isip, hindi naman makaka-survive ang unibersidad sa isang neoliberal na sistema.

Ang edukasyong nakukuha ng mga mahirap at feeling middle class na Filipino ay parehong bendisyon at lason.

Bendisyon ito dahil kapag nagka-diploma tayo at masuwerteng (marami din kasi ang minamalas) makahanap ng stable job, hindi na tayo maghihirap kahit paano. Kayang-kaya na nating magrenta ng bahay, o bumili nang hulugan ng low cost housing o maliit na condominium unit. Makakapag-order na rin tayo online ng mga kung ano-anong luho sa Lazada, makakapamili sa mga weekend market ng mga totoong sosyal, at makakapag-travel na rin tayo abroad dahil marami namang sale ang mga airline at makakahanap ng murang tirahan sa Airbnb.

Lason din ito kasi minsan nakakalimutan natin na mahirap pa rin tayo kayâ nag-aasta tayong mayaman at nagpi-feeling maganda at akala natin mas angat tayo sa iba pang mga dukha nating kababayan. Mga kaibigan, kung bumibili tayo ng hulugan na condo unit, hindi tayo mayaman. Alipin lang tayo ng kapitalistang sistema. Magdasal tayo na hindi tayo madisgrasya o magkasakit dahil mareremate ’yang hinuhulugan natin. Ang totoong mayaman kasi, pinaghirapan man nila o ninakaw ang yaman nila, kahit mabúlag o magkasakit sila, may pera sila. Kahit di sila magtrabaho, may pera sila. Kung matatamaan tayo ng COVID-19 at maospital (huwag naman sana) kukulangin ang health card natin at magkakautang-utang tayo. Hindi lang tayo makapagtrabaho dahil na-paralyze tayo, balik tayo sa pagiging dukha. Kayâ huwag magmataas. ’Ika nga nila, huwag masyadong mataas ang lipad dahil mas malakas ang paglagapak!

Gustong-gusto ko ang tawag dito ni Rolando Tolentino na "gitnang uring fantasya." Para sa mga tulad kong manunulat na nakapag-aral at nagtatrabaho sa isang bonggang unibersidad, hanggang gitnang uring fantasya lang ang kaya ko. Halimbawa, aware ako na kapag nagbi-breakfast ako sa Café Ilang-Ilang ng Manila Hotel ay gitnang uring fantasya lang iyon. Hindi iyon ang new normal ko. Nakikitikim lang ako sa tinatamasa ng mga tunay na mayaman ng bansa. Paminsan-minsan bumibili ako ng polo shirt sa Marks & Spencer at hindi ko iniisip na mas maganda na ako sa ibang mahihirap. Alam ko pa ring pinagbibigyan ko lang ang gitnang uring fantasya ko dahil sakaling mawalan ako ng trabaho, balik-ukay-ukay ako. Kapag magta-travel ako abroad, kailangan kong magtipid kasi alam kong limitado lamang ang laman ng aking bulsa at bank account.

Nakakatawa na nakakairita ang mga kapuwa manunulat na matapobre pero hindi naman mayaman. Masama naman talaga maging matapobre kahit na totoong mayaman ka, pero mas nakakatawa at nakakairita ito kapag mahirap ka naman talaga at nakasampa lang sa nanlilimahid na sahig ng gitnang uri. Sabi nga ng isang kaibigan ko sa FB, kung naiinggit ka sa lima hanggang walong libong amelioration fund para sa mga mas naghihikahos nating kababayan dahil sa ECQ ngayong may pandemic, hindi ka talaga mayaman kayâ huwag kang matapobre. Ang totoong mayaman ay dedma sa PHP 8,000.

Huwag isipin na tayong mga nagkakayod-kalabaw sa akademya lamang ang nagbabayad ng buwis. Lahat naman nagbabayad ng buwis—mayaman o mahirap—dahil lahat ay bumibili ng kung ano-ano. Bibili lang tayo ng kendi o yosi, nagbabayad na tayo ng tax. Huwag masyadong literal na income tax = tax therefore kapag wala kang income, di ka nagbabayad ng tax. Bása-bása naman tayo kapag may time. Halatang kulang na kulang pa ang pinag-aralan natin. O mali ang napag-aralan natin. O talagang bobo lang tayo. Sabi nga

ng guro kong si Leoncio P. Deriada, magkaiba ang “schooled” sa “educated.” Maaaring nakapag-aral tayo, may diploma, pero hindi pa rin tayo edukado.

Dahil gáling din naman tayo sa uring mahirap, dapat alam natin na may dignidad at may hiya ang mahihirap. In fact, ’yung mga mayaman, gahaman na negosyante, at mga kurap na politiko ang mga tunay na walang dignidad at walang-hiya. Kayâ careful din tayo sa pag-idolize sa mga katulad ni Marcos (’yung diktador at ang bitter na ambisyosong anak) at ni Duterte, at maging ni PNoy. Kasi baka tinatraydor na rin natin ang ating uri at ang ating sarili.

Halimbawa ng isang mahirap na may dignidad ay ang labandera naming si Melba.

Mahirap sila. Nakatira sila sa isang maliit na unit sa isang tenement dito sa laylayan ng Lungsod Pasig. Kayod nang kayod silang mag-anak. Naglalaba o namamalantsa si Melba araw-araw. Kayâ hindi naman sila nagugutom. Nakapag-aral pa nga ang isa sa kanila at guro na ngayon sa DepEd. Nang magka-ECQ, ang pagkaintindi namin ni Sunshine ay hindi na siya makakapaglaba muna. Isa pa, nabalitaan namin na may nag-positive sa COVID-19 sa tenement nina Melba. Si Sunshine na ang nag-volunteer na siya muna ang maglalaba. Babayaran pa rin namin ng PHP 350 si Melba kada Linggo kahit di siya maglaba.

Sa unang Linggo ng ECQ, nandiyan na si Melba sa gate. Sumisigaw na buksan na namin ang kandado. Kapag si Melba ang magsalita, naririnig ito ng buong Cluster 10! Sinabihan namin siya ni Sunshine na huwag na munang maglaba dahil may ECQ. “Sir, wala akong sakit! ’Yung nag-positive sa amin, kinuha na sila ng ambulansiya. Buong pamilya. Tini-tsek kung may lagnat kami. Wala akong lagnat,” sabi niyang nakahawak sa grills ng gate.

“Ate, may ECQ nga. Ang kulit mo. Heto ang bayad mo today. Babayaran ka pa rin namin kahit na di ka maglaba. Magpahinga ka

muna. Mag-relax," sabi ni Sunshine sabay abot sa kaniya ng pera. Tinanggap naman ni Melba ito.

"Bakit hindi ninyo ako palalabahin? Wala naman akong sakit! Hindi naman kayo mahahawa," protesta pa rin ni Melba. Sa lakas ng boses niya, baka akalain ng mga nakikinig na sinisisante na namin siya at pinapalayas for good.

"Ate, ang kulit mo! Paano kung kami ni Kuya ang may sakit? E di ikaw ang mahahawa. Umuwi ka na!" sabi ni Sunshine.

Walang nagawa si Melba at umuwi na. Naglaba naman si Sunshine. Sa sumunod pang dalawang Linggo, hindi pa rin namin siya pinapapasok. Kada Sabado, pinapadala namin sa anak niyang nagtatrabaho sa konstruksiyon sa tabi ng bahay namin ang kaniyang suweldo. Noong nakaraang Sabado, nakatanggap si Sunshine ng PM mula sa anak na guro ni Melba. Ipinasasabi ni Melba na huwag na namin siyang padalhan ng suweldo dahil nahihiya siya. Hindi naman daw siya nakakapaglaba. Touched kami ni Sunshine. Sabi ko kay Sunshine, pakisabi na okey lang sa akin na magbigay ng suweldo niya kada Linggo dahil buo naman ang suweldo ko ngayon sa La Salle. Afford ko naman. Saka naisip ko rin, e di ito na ang paraan na makapag-share kami ni Sunshine kahit papaano ng aming blessings. Mapalad pa rin kami ni Sunshine na hindi namin problema ang pera ngayon kahit na marami siyang shooting na na-cancel. No work no pay rin siya.

Si Melba ang isa sa mga patunay na hindi tamad, palaasa, at walang-hiya ang mga mahirap nating kababayan kagaya ng gustong palabasin ng isang matapobreng social climber na writer. Malaking tulong sa amin si Melba. Siya ang tipo ng labanderang mapag-iiwanan mo ng susi ng bahay at hindi ka mananakawan. Kapag may shooting si Sunshine nang ilang araw, kay Melba rin iniiwan ang aso niyang si Biscuit.

Gusto kong magtapos sa quote na ito mula sa introduksiyon ng librong *Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines* na inedit nina Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo, at Arnold Alamon (IBON Center, 2007). Narito ang mas klarong pagpapaliwanag kung ano ang neoliberal na edukasyon:

> Ang kasayayan ng edukasyon sa bansa ay kasaysayan ng pamamayagpag ng elitistang interes na pangunahin nitong pinaglilingkuran. Kakatwa ang epektong dulot ng edukasyon: ang nakararaming naghihirap at nakukumbinsing magkaroon ng identifikasyon hindi sa kanilang uri, kundi sa tila, abot-tanaw, abot-kamay na gitnang uri. May pagtatwa sa politisasyon ng uring pinanggalingan para paboran ang gitnang uring pinagpapantasyahan. Naluklok ang edukasyon bilang alternatibong kalakaran ng panlipunang mobilidad. Hindi na lamang istorikal na pag-aari ng lupa at kapital ang nagbibibgay ng oportunidad para umangat sa uring kinalalagyan, kundi ang papel na diploma ay tila bertud na pinaniniwalaang makakapagpabuti hindi lamang sa lagay ng indibidwal kundi maging ng kanyang pamilya at mahal sa buhay. (xiv)

Sa mga katulad kong social climber na manunulat, huwag tayong mahiyang tanggapin at aminin na hanggang gitnang uring fantasya lamang tayo. Hindi naman kasi masama ang mangarap at tumikim ng masarap na buhay. Basta huwag lang tayong maging matapobre dahil hindi bagay sa atin. Huwag tayong pretensiyosa. Muli uulitin ko, huwag din tayong mantapak ng iba para lang makaakyat tayo sa hagdanan ng ating mga ilusyon dahil hinding-hindi tayo gaganda sa ganitong paraan.